IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

# Pagsusuri Sa Katangian at Pagganap Online Ng Gen Z Spoken Poetry Bilang Kasangkapan Sa Integratibong Pagtuturo Ng Panitikan Sa Baitang 10

**Caberte, Mirasol D.,Serdan, Geraldine A.**
Surigao Del Norte State Univesity, Philippines

**Abstract**: *Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa pagsusuri ng katangian at pagtatanghal online ng Spoken Poetry ng mga kabataang Gen Z bilang kasangkapan sa integratibong pagtuturo ng panitikan sa Baitang 10. Layon nitong suriin ang mga likhang tula sa anyo ng spoken poetry batay sa mga elementong pampanitikan gaya ng tema, tugma, salitang ginamit, teorya, at bisang pampanitikan. Gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo at panunuring pangnilalaman sa pagsusuri ng sampung piling video ng Spoken Poetry mula sa Surigao City at Surigao del Norte. Isinagawa rin ang pagsusuri batay sa performance aspect tulad ng emosyon, intonasyon, at kumpas sa pagtatanghal. Lumitaw sa resulta na ang mga pyesa ng Gen Z ay karaniwang may temang pag-ibig, kabataan, panlipunang isyu, at pagmamalasakit sa bayan. Malaya ang estilo sa pagsusulat at hindi nakaangkla sa pormal na estruktura ng tradisyonal na tula. Namayani rin ang teoryang Romantisismo, Realismo, at Simbolismo. Sa aspeto ng pagtatanghal, masining ang pagganap ng mga kalahok sa pamamagitan ng galaw, kumpiyansa, at paggamit ng emosyon. Mula sa mga natuklasan, iminungkahi ng pananaliksik ang paggamit ng Spoken Poetry bilang interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan upang mapalalim ang pag-unawa at interes ng mga mag-aaral. Binuo rin ang mungkahing disenyo ng aralin na angkop sa Ikalawang Markahan ng Baitang 10 upang lalong mapatibay ang pagtuturo ng tula sa makabagong paraan*

**Keywords**: Spoken Poetry, Gen Z, Panitikang Filipino, Pagtatanghal, Integratibong Pagtuturo

## I. INTRODUCTION

Ang panitikang tula sa Pilipinas ay isang mahalagang bahagi ng ating pambansang pagkakakilanlan at kasaysayan. Ito ay hindi lamang anyo ng sining, kundi isa ring mabisang daluyan ng damdamin, kaisipan, at karanasan ng sambayanang Pilipino. Mula sa mga sinaunang panulaan ng mga katutubong pamayanan, gaya ng *ambahan* ng mga Tagbanua sa Palawan, hanggang sa mga kontemporaryong anyo ng tula sa kasalukuyan, makikita ang patuloy na pag-unlad ng panitikan bilang isang buhay na tradisyon. Sa kabila ng mga pagbabago sa lipunan at teknolohiya, nananatili ang tula bilang makapangyarihang tinig ng bayan—isang tinig na hindi kailanman nawawala, kundi lalo pang lumalakas sa paglipas ng panahon.

Sa kontemporaneong konteksto, namamayani ngayon ang isang bagong anyo ng tula na tinatawag na **spoken word poetry**. Ito ay isang uri ng performatibong panulaan na inilalahad ng makata sa entablado gamit ang matinding damdamin at personal na karanasan. Sa Pilipinas, lumalaganap ito sa social media, paaralan, mga poetry slam, at iba pang alternatibong espasyo ng sining. Partikular itong tinatangkilik ng mga kabataang kabilang sa Henerasyong Z—ang mga isinilang mula 1997 hanggang 2012—na ginagamit ang spoken poetry bilang plataporma upang maipahayag ang kanilang sarili, makiisa sa mga isyung panlipunan, at makipagtalastasan sa kanilang kapwa sa pamamagitan ng makabagong wika at estilo. Sa kanilang mga pagtatanghal, masasalamin ang mga temang umiikot sa pag-ibig, pagkatalo, pamilya, karapatan, at pangarap—mga isyung malapit sa kanilang mga karanasan at realidad bilang mga kabataan ng makabagong panahon.

Ang kasikatan ng spoken word poetry sa kabataang Gen Z ay hindi na lamang isang simpleng libangan kundi isa nang makapangyarihang porma ng ekspresyon at edukasyon. Sa loob at labas ng silid-aralan, kapansin-pansin ang pag-

usbong ng interes sa ganitong anyo ng tula, na taliwas sa unti-unting paglimos ng interes sa mga tradisyonal na anyo ng panulaan. Sa harap ng mabilis na pagbabago sa midya, teknolohiya, at mga porma ng komunikasyon, lumilitaw ang spoken poetry bilang isang mabisang kasangkapan upang mapanatiling buhay at makabuluhan ang panitikan sa bagong henerasyon.

Tatlong mahahalagang dahilan ang nagtulak sa pananaliksik na ito. Una, ang malayang estruktura ng spoken poetry ay nagbibigay-daan sa mas personal, emosyonal, at masining na paraan ng pagbabahagi ng karanasan, dahilan upang yakapin ito ng mga kabataang Gen Z. Pangalawa, may paglayo na ang mga mag-aaral mula sa mga tradisyonal na tula na itinuturo sa paaralan, dahil hindi na ito umaakma sa kanilang interes, wika, at karanasan. At pangatlo, naniniwala ang mananaliksik na ang pagtuturo ng panitikan ay higit na magiging makabuluhan kung ilalapit ito sa realidad ng mga mag-aaral gamit ang mga anyo ng panitikan na pamilyar at kaakit-akit sa kanila. Sa ganitong paraan, nagiging mas epektibo ang integratibong pagtuturo, at muling nabibigyang-sigla ang pagpapahalaga sa panitikang Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin (Anyong Layunin)**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang katangian ng paraan ng pagsulat ng Spoken Poetry ng mga Gen Z upang magsilbing gabay sa pagtuklas ng makabagong disenyo sa pagtuturo ng panitikan. Tinutukoy ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na layunin:

Masuri ang mga katangian ng Spoken Poetry ng Gen Z batay sa:

1.1. Tema o paksa
1.2. Tugma
1.3. Salitang ginamit
1.4. Teoryang pampanitikan
1.5. Bisa pampanitikan

Mailarawan kung paano isinagawa o itinatanghal ang Gen Z Spoken Poetry na napapanood online.

Matukoy kung paano maaaring gamitin ang Spoken Poetry bilang isang istratehiya sa integratibong pagtuturo ng panitikan sa Baitang 10.

Makabuo ng mungkahing disenyo ng aralin na magiging kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng panitikang tula para sa Ikalawang Kwarter sa asignaturang Filipino.

**PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK**

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang gagamitin ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos sa kanyang pananaliksik, kabuuan at sampol ng mga impormante ng pananaliksik, instrumentong gagamitin sa pananaliksik, at ang paraan ng pagkalap o paglikom ng mga datos.

**Disenyo**

Gumamit ang pananaliksik na ito ng disenyong **kwalitatibong panunuring pangnilalaman** (qualitative content analysis) upang masusing masuri ang mga piling pagtatanghal ng *spoken poetry* ng mga kabataang kabilang sa Henerasyong Z. Layunin ng metodolohiyang ito na tukuyin, ilarawan, at unawain ang mga pagbabagong nagaganap sa estilo, estruktura, at temang tinatalakay sa makabagong tula, partikular na sa anyong *spoken word*. Ang disenyong ito ay angkop sa layunin ng pag-aaral na hindi lamang nagsusuri ng nilalaman kundi pati na rin sa paraang isinasa-entablado o ipinapahayag ang mga tula ng kabataan.

Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng panonood at masusing pag-aanalisa ng mga **napiling video ng spoken poetry na isinapubliko sa mga online platform**, tulad ng YouTube at Facebook, kung saan lumahok ang mga kabataang Gen Z sa mga patimpalak o bukas na pagtatanghal. Ang mga napiling halimbawa ay isinailalim sa deskriptibong pagsusuri upang tukuyin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa anyo, estilo ng wika, paksang tinatalakay, at ekspresyon ng damdamin o paninindigan. Partikular na tinutukan ang mga aspekto ng modernisasyon ng tula: ang pagsasanib ng personal at panlipunang diskurso, ang paggamit ng makabagong lengguwahe, at ang pagsasakatawan ng pagkakakilanlan ng kabataan.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67


Ang bawat piling tula ay sinuri gamit ang mga pamantayang pang-akademiko sa pagsusuri ng panitikan—kasama ang estruktura, nilalaman, estetika, at kahulugan. Bahagi rin ng pagsusuri ang pagtatasa kung paanong ang *performance* bilang mahalagang bahagi ng spoken poetry ay nakapagpapalalim sa mensahe ng tula. Nilinaw sa disenyo ng pananaliksik ang bawat hakbang mula sa pagpili ng materyal, dokumentasyon, transkripsyon, at interpretasyon ng datos upang masiguro ang sistematikong pag-aanalisa na umaayon sa layunin ng pag-aaral

Sa pamamagitan ng metodolohiyang ito, inaasahang matutukoy ang ugnayan ng spoken poetry sa kasalukuyang damdamin, pananaw, at identidad ng kabataang Pilipino, gayundin ang potensyal nito bilang kasangkapan sa mas epektibong pagtuturo ng panitikang Filipino.

**Kaligiran ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay nagsagawa ng pagsusuri sa mga piling kabataang kalahok mula sa Lungsod ng Surigao at lalawigan ng Surigao del Norte. Bilang pagkilala sa malikhaing kakayahan ng mga kabataang kabilang sa Henerasyong Z, sinikap ng mananaliksik na suriin ang nilalaman ng mga pyesa ng spoken poetry mula sa mga nagwaging pagtatanghal sa iba't ibang patimpalak. Ang mga tula ay nagmula sa mga lokal na kabataan na masigasig sa paggamit ng spoken poetry bilang daluyan ng kanilang damdamin at pananaw sa buhay.

Ang Lungsod ng Surigao, na siyang sentrong lungsod at kabisera ng lalawigan ng Surigao del Norte, ay binubuo ng 54 na barangay—kung saan 33 ay nasa mainland at 21 ay nasa mga isla. Ayon sa datos mula sa 2020 senso, tinatayang may 171,107 katao ang naninirahan dito, na nakatira sa humigit-kumulang 41,816 na kabahayan. Ang urbanong bahagi ay sumasaklaw sa tinatayang 20 porsyento ng kabuuang lupain ng lungsod.




**Figyur 1.** .Mapa ng Surigao City

Samantala, ang lalawigan ng Surigao del Norte ay matatagpuan sa rehiyon ng Caraga sa hilagang-silangang bahagi ng Mindanao. Binubuo ito ng isang lungsod at dalawampung munisipalidad na may kabuuang 335 barangay, na nakapangkat sa dalawang distrito. Maliban sa mainland, kasama rin sa teritoryo ng lalawigan ang mga kilalang isla

tulad ng Siargao at Bucas Grande. Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (2020), ang populasyon ng lalawigan ay nasa mahigit 534,000 katao. Kilala ang lalawigan sa maburol nitong kalupaan at mga baybaying pamayanan na pinagmumulan ng mayamang kulturang panitikan ng mga mamamayan dito.




**Figyur 2.** Mapa ng Surigao del Norte

**Tagatugon**

Ang tagatugon sa pag-aaral ng Spoken Poetry ng Gen Z: Batayan sa Pagbuo ng Integrasyon sa Pagtuturo ng Filipino, ay mga kabataan o sektor na may direktang kaugnayan sa pagpapatupad at epekto ng nasabing pananaliksik. Narito ang mga pangunahing tagatugon sa pag-aaral:

**Talahanayan 1.** Mga Napiling Spoken Poetry sa Kabataang Gen Z

| **Pamagat** | **Bilang ng Nanonood/ Lugar** | **Sanggunian** |
|---|---|---|
| Makinig ka | 6.5k views/ Claver, Surigao Del Norte | https://web.facebook.com/watch/?ref=search&v=1062969054743876& external_log_id=422875eb-249b-4cae-99cc591bc68e6cc7&q=spoken%20 poetry% 20surigao%20del%20norte |
| Paubaya | 819 views/ Surigao City | https://web.facebook.com/jesselmendez.jamero/ videos/411523954890373 |
| Lokal na Produkto Atin Ito | 962 views/ Surigao City | https://web.facebook.com/watch/?ref=search&v=3773766 67467450&external_log_id=04745e75-af60-429c-98c4- 638cdb8684a6&q=spoken%20poetry%20surigao%20city |
| Ano ba tayo | 39k views/ | https://web.facebook.com/zalem.papelleras/videos/ 457836466730440 |

| | | |
|---|---|---|
| | Surigao City | |
| Karajawan sa Kasing-kasing nan Pagka-Surigaonon | 7.1k views/ Surigao City | https://web.facebook.com/RPNSurigao1080/videos/1455687 091663034 |
| Pamati -a Ako | 6.1k views/ Surigao City | https://web.facebook.com/citytourism.culturaloffice/ videos/303624871480293 |
| Dodong | 9.6k views/ Surigao City | https://web.facebook.com/citytourism.culturaloffice/ videos/204928381662471 |
| Bayani | 3.3k views/ Surigao City | https://web.facebook.com/watch/?ref=search&v=700699353992 602&external_log_id=72f441a7-2ab9-4426-a706-b317212705bb&q=spoken%20poetry%20surigao%20city |
| Bangon Tayo'y Aahon | 742 views/ Tubod, Surigao Del Norte | https://web.facebook.com/SSGTubodNHS/videos/ 415174719556664 |
| Kabataan at Kasarinlan | 253 views/ Alegria National High School | https://web.facebook.com/yfdsurigaodelnorte/videos/ 1154548235020403 |

Sa Talahanayan 1 makikita ang pamagat ng pyesa ng bawat kabataang Gen Z na nagwagi at makakuha ng pwesto sa patimpalak ng Spoken Poetry, bilang ng nanood sa video mula sa facebook site ng nag-organisa ng talimpalak at mismong kalahok, lugar kung saan mula ang kalahok. Napapaloob din ang sangguniang *website* kung saan maaaring mapanood ang sinuring *video's.* Sa Surigao City mayroong walong kalahok, at ang dalawa ay mula Surigao Del Norte.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang mananaliksik ay naghanap ng mga video ng pagtatanghal ng Spoken Poetry ng mga kabataang Gen Z sa *online plot form* ang *facebook*, masusing hinanap ang mga *video's* na maaaring mapasama nasusuri upang makuha ang impormasyon na nais kunin sa pananaliksik. Matapos ang pangangalap at paghahanap ng mga video online ang mananaliksik ay nagbigay ng liham pahintulot sa mga organisadong departamento at mga taong nagmamay-ari ng mga *video's* tulad ng City Tourism Office, Department of Agriculture – Caraga, gayundin sa mismong kalahok sa patimpalak ng Spoken Poetry na mismong may-ari ng *video*. Ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan sa ibang mga kalahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng social media account na messenger sa may-ari ng *video* na hindi kayang puntahan ng mananaliksik tulad ng Supreme Secondary Learner Government of Tubod NHS, at ilan pangkalahok.

Sinuri ng mananaliksik ang sampung *video* ng pagtatanghal ng Spoken Poetry ng kabataang GenZ gamit ang format na PAIS (Present the data; Analyse, Interpret, Support) na nakapaloob ang element ng tula, teoryang pampanitikan at pagganap sa Spoken Poetry.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang instrumentong ginamit sa pagsusuri ay *video's* ng mga kabataang Gen Z sa iba't ibang pagtatanghal ng Spoken Poetry (Apendiks A). Sa pagsusuri ng datos ang mananaliksik ay ginamit ang PAIS upang matukoy ang katangian ng pagsulat o pagganap ng Spoken Poetry ng mga Kabataang Gen Z batay sa mga elemento at pagganap.

**Etika at Pangangasiwa sa Paglikom ng mga Datos**

Pinanuod ng mananaliksik ang sampung (10) pagtatanghal ng mga kabataang Gen Z sa iba't ibang patimpalak na isinagawa sa lalawigan ng Surigao at probinsya ng Surigao Del Norte, pinanood nang maraming beses ng mananaliksik

ang mga *video's* para sa malalimang pagsusuri at pag-unawa sa pyesa at pagganap ng mga Gen Z sa Spoken Poetry. Sa panonood, sinunod ng mananaliksik ang iminungkahing mga hakbang ni Lumabao (2018) ang transkripsiyon ng mga pag-uusap; pag-aaral ng mga salita, parirala, pahayag at pagtatala ng datos na natipon para sa layunin ng pagtatasa batay sa elemento ng pagsulat ng Spoken Poetry at pagganap sa pangtatanghal

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ang mga sumusunod na istadistika ay ginamit sa pag-aaral na ito:

**Pagsusuri sa mga Tula**: Pagsusuri ng mga pagtatanghal ng mga Kabataang Gen Z ng Spoken Poetry sa iba't ibang paligsahan.

**Analisis ng Social Media**: Pagsusuri sa mga poetry video sa Facebook upang matukoy ang mga temang madalas lumitaw sa spoken word performances ng mga Gen Z.

## RESULTA AT DISKUSYON

Binubuo ang kabanatang ito ng tatlong mahalagang bahagi: paglalahad, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos.

**Katangian na napapaloob sa Gen Z Spoken Poetry**

**Talahanayan 2.** Tema o Paksa

| | |
|---|---|
| **Impormante 1**<br>**Impormante 4**<br>**Impormante 8**<br>**Impormante 2** | Ang tema o paksa ay patungkol sa pag-ibig, pagmamahal na nabigo at naglaho, nasaktan at bumangon at pagmamahal sa bayan.<br><br>*"Sabay sa pag-ibig mong naglaho, mundo ko'y tuluyang gumuho ..."* ***Impormante 1***<br><br>*"Sino ditto ang nasa relasyong walang lebel, yong feeling na para kayo, pero parang hindi"* ***Impormante 4***<br><br>Ang pagkakabahagi ng may-akda ay halaw sa kanyang mga karanasan na bukas-palad niyang isiniwalat para sa lahat. At ito ay tumutukoy sa pagiging makatotohanan ng may akda sa kanyang mga pisang binuo na sumasang-ayon sa pag-aaral ni Anderson (2018). Ito ay naglalayong magbigay ng aral sa iba. Dahil sa temang nakapaloob, napapabilang ito sa personal at interpersonal na pagbabago, at nagsisilbing panlunas na umaayon sa pag-aaral ni Dill (2013) para mabawasan ang sakit at pighati na na sa loob ng puso. |
| **Impormante 3**<br>**Impormante 9** | Ang tema o paksa ay tumalakay sa kahirapan at isyu panlipunan, sa mga masamang gawi ng pamahalaan.<br>*"Nagmistulang koneho, tao'y nagtutog-tulugan lang sa kanto, pagong kung itutulad ang serbisyo at naiwan na sa kongreso"* ***Impormante 3***<br>Ang spoken poetry ay isang paraan nila ng pagpapahayag ng kanilang mga opinyon laban sa mga maling gawain sa lipunan. Ayon kay Reyes (2023), maraming mga spoken poet na nagtalakay ng mga karapatan ng kabataan, mga isyung pangkapaligiran, at mga hindi pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng kanilang mga tula. |
| **Impormante 5** | Tumatalakay sa pagpapahalaga sa gawa at pagod ng magsasaka.<br><br>"*Nakapanghinayang ka! Bakit ba kasi ang dami mong kinuha, hindi mo naman kayang ubusin ang iyong kinuha*"<br>"*Nakapanghinayang ka! Di mo man lang inisip ang taong walang pambiling kanin na sinayang mo lang*" |
| **Impormante 6**<br>**Impormante 10** | Ang paksa ay patungkol sa pagmamalaki sa bayan, pagkilala sa gawi at produktong gawa.<br>*"Ayon sa isang makata.. Palayain ang sarili sap ag-iisip ng makabanyaga kaya't nararapat lamang na suportahan at tangkilikin pa ng husto ang mga local na produkto dahil Atin To!"* |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

| | |
|---|---|
| | ...***Impormante 10*** |
| **Impormante 7** | Ang tema o paksa ng tula ay tungkol sa paghihirap at pagsisikap.<br><br>*" Isa kabatan-on nagpas-an nan isa kadako na kabog-aton..<br>Nituyo ang mga luha sa ija mata tungod sa kalisud nakahimtang sa ila Pamilya…"* |

**Talahanayan 3.** Tugma

| |
|---|
| Lahat ng sampung impormanting sinuri ay nakitaan ng ***malayang tugmaan o di tugma*** ang mga sinuring Spoken Word Poetry. Nangangahulugang hindi sapilitan ang paggamit ng tugmang salita sa dulo ng bawat taludtod o linya. Ibig sabihin, hindi kailangang magkatugma ang tunog ng mga salita sa bawat dulo gaya ng tradisyunal na tula. Sa halip, mas binibigyang-pansin sa spoken poetry ang damdamin, mensahe, at pagkakabigkas ng tula. |

**Talahanayan 4.** Salitang Gamit

| | |
|---|---|
| **Impormante 6** | Gumamit ng salitang di-pormal salitang balbal na "eme".<br>*"Bisan asa kaw muadto diri sa Surigao, Makita mo gajud ang nawong na naglatagaw murag kagaw.. eme..*"<br>Ang "eme" ay maaaring gamitin sa isang biro, lalo na sa mga nakababatang henerasyon. |
| **Lahat ng Impormante** | Gumamit ng pormal na salita, tulad ng paggamit ng mga matalinghagang salita o tayutay sa paglalarawan. |

**Talahanayan 5 -** Teoryang Pampanitikan

| | |
|---|---|
| **Impormante 1**<br>**Impormante 2**<br>**Impormante 4**<br>**Impormante 5** | Teoryang Romantisismo ang nangibabawa sa mga likhang tula, pag-ibig sa bayan, kapwa manggagawa,pamilya at karelasyon. |
| **Impormante 3** | Teoryang Realismo ang nangibabawa sa akda. Tumalakay sa aktuwal na pangyayari at sitwasyon ng bansa. |
| **Impormante 6**<br>**Impormante 7**<br>**Impormante 10** | Nangibabaw ang teoryang simbolismo sa mga akdang. Gumamit ng iba't ibang simbolo sa pagpapahayag ng kaisipan.<br><br>*"Ang pagkamarajaw murag musika sa kasing-kasing ng Surigaonon nagtukar"…<br>Impormante 6*<br><br>*"Dili magkabalaka sa lisud na panahon kay mismo ang mga langgam sa kahitas-an giatiman sa labing gamhanan"… Impormante 7*<br><br>*"Asukal.. Gatang niyog.. Cocoa at kung ano-ano pa ay ilan lamang sa mga sangkap ng produkto nang sa tulang ito ay bumida"…* ***Impormante 10*** |
| **Impormante 8** | Pinagsama ang dalawang teoryang romantisismo at simbolismo.<br>*"Mga piki na katawa, gitago sa mga ngisaw ang mga daya na problema.. problema sa barkada, uyab.. eskwela… ilabina sa pamilya.."*<br>*"Ajaw pagpataka pagdesisyon.. ajaw himua ang pisi na solusyon"* |
| **Impormante 9** | Teoryang Simbolismo at Realismo ang nangibabaw sa akda. |

ISSN: 2581-9429
Impact Factor: 7.67

| | |
|---|---|
| | *"Uniporme may puti, ay may maitim na lihim…"*<br>*"Tila mga asong banal, alolong ang syang nagtatagal.."* |

**Talahanayan 6.** Bisa

| | |
|---|---|
| **Impormante 1**<br>**Impormante 2**<br>**Impormante 4**<br>**Impormante 7**<br>**Impormante 8**<br>**Impormante 9**<br>**Impormante 10** | Namumutawi ang Bisa sa Damdamin sa mga akda likha ang lungkot, pagkadismaya, takot, pagmamalaki ang mga damdaming nangibabawa sa tulang likha.<br><br>*"Sabay sa pag-ibig mong naglaho, mundo ko'y tuluyang gumuho, naninibguho't nagsusumano na sanay ang isip mo'y magbago".. Impormante 1*<br><br>*"May mas sasakit pa ba sa nakikita mo.. ang iyong bayan ay ginagahasa.. na iyong nais mo ay iba na ang gumagawa.." Impormante 2*<br><br>*"Baka kasi pinagpipilitan mo nalang yung sarili mo sa taong di ka naman talaga gusto"… Impormante 4*<br><br>*"Si Dodong nipadajun sa ija pagpanaw taghuna-huna ang mga estorya na dugay mahanaw nangutana sa ija kaugalingon na uman sa panahon na lisud ang sitwasyon ang isigkatawo amoy mahimo hinongdan sa mayaot na emosyon na ija gibati"*<br>*… Impormante 7*<br><br>*"Dili nako gikapoy nako… ako isa kabatan-on gipalig-on sa nilabay na panahon sa ako kinabuhi…" … Impormante 8*<br>*"Ang mga pinto na sinarado sa aming mga mukha tinatabunan ng kung ano-ano, tinuturing na salot sadyang di ko mapagtanto!".. Impormante 9*<br>*"Palayain ang sarili sap ag-iisip ng makabanyaga kaya nararapat lamang na suportahan at tangkilikin pa ng husto ang mga local na produkto dahil atin ito".. Impormante 10* |
| **Impormante 3** | Nakatuon sa Bisa sa Isip ang ang gawa ng may akda, ito'y may layuning magbigay ng motibosyon o pag-asa sa iba.<br><br>"*Laging tandaan pagmamahal sa kapwa ay ipadama, masasayang araw kasama ang pamilya, kahit ito'y lumisan na dahil sa pandemya, huwag mawawalan ng pag-asa dahil mas Malaki ang plano niya*" |
| **Impormante 5**<br>**Impormante 6** | Namutawi ang Bisa sa Kaasalan sa mga likha ng may akda. Naghikayat na magkaroon ng malasakit at pagpapahalaga sa pagsisikap ng magsasaka. At pagmamalaki sa mga gawi at kaugalian na mayroon ang isang lugar.<br><br>*"May istorya, may istorya ng luha at pagbabanat ng buto ang tinapon mo!"*<br>*"May magsasaka na gumigising ng maaga, at lumisan ng tahanan upang tumungo ng sakahan.. na kahit gustohin man nilang na lasapin ang kanilang tulong ay hindi nila magawa.. di nila magawa para may bigas ka"… Impormante 5*<br><br>*"Di uso diri ang pakig-away nanlabaw ang pakighigugmaay…"*<br>*"Surigaonon gani ang komedya, dili mayawa.. Ang Surigaonon hibayo gajud sa teknik kay kun mutabang gani kaw nan tiguyang tapos mupikpik mubayos sad ton pagpikpik"….*<br>*Impormante 6* |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

**Talahanayan 7.** Pagganap at Pagtanghal ng Gen Z Spoken Poetry

| **Aspeto** | **Paglalarawan** |
|---|---|
| Nilalaman / Mensahe | Karaniwang tumatalakay sa mga isyung panlipunan, pagpapahalaga, pag-ibig, pagmamalaki sa bayan, at karanasan ng kabataan. Malalim at makabuluhan ang mensahe. Gaya ng mga linya sa tulang pag-ibig ang nilalaman.<br>"*Sabay sap ag-ibig mong naglaho, mundo ko'y tuluyang gumuho, naninibugho't nagsusumamo, na sanay ang isip mo'y magbago*" … IM 1<br><br>Isyung panlipunan ang paksang tinalakay ni Impormante 3<br>" *Paano… paano kung kinukorakot ang pondo, isagaw ng mga tao*"<br><br>Pagmamalaki sa bayan ang ilang paksa ng tula.<br>"Dili uso diri ang pakig-away nanlabaw ang pakighhigugmaay…. Kay kun may Makita kaw diri na taga-Surigao na nagbugno.. dili ton taga-Surigao kay welcome kayo diri ang mga dayo…" |
| Paglalahad / Pagganap | May emosyon, diin, at wastong kumpas. Madalas nakatayo sa isang lugar, minsan ay may galaw ng katawan o kamay upang bigyang-buhay ang tula. |
| Pagkabisa / Kahandaan | Malinaw na inensayo at binasa o kinabisa nang maigi; maayos ang daloy ng ideya at kumpiyansa sa pagsasalita. |
| Intonasyon at Pagkakaiba ng Tinig | Ginagamitan ng pagbabago sa tono, bilis, at lakas ng boses upang bigyang-diin ang damdamin at intensyon ng tula. |

**Paano maaaring gamitin ang Spoken Poetry bilang istratehiya sa integratibong pagtuturo ng panitikan sa baitang 10?**

Ang Spoken Poetry ay isang makapangyarihang kasangkapan sa integratibong pagtuturo ng panitikan sa Baitang 10, lalo na kung layunin ay gawing mas makabuluhan, makabago, at makatao ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan. Narito kung paano ito maaaring gamitin bilang istratehiya:

**Pag-uugnay sa Isyung Panlipunan**

Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng tula ukol sa kontemporaryong isyu (hal. mental health, karahasan, gender equality) na maiuugnay sa temang pampanitikan. Gawing lunsaran ang mga sinuring Gen Z Spoken Poetry.

**Interaktibong Pagtatanghal**

Gamitin ang spoken poetry bilang pagtatanghal o performance task, kung saan masusukat ang **pag-unawa**, **emosyon**, at **kritikal na pag-iisip** ng mga mag-aaral.

**Pagsusuri ng Estruktura ng Tula**

Gamitin ang mga sinuring spoken poetry sa pagsasanay tulad ng pagsusuri ng elemento ng tula (tugma, sukat, talinghaga), pati na rin ang retorika at estilo ng pagpapahayag.

**Paggamit ng Teknolohiya**

Gamitin ang multimedia platforms (hal. video editing apps, TikTok, YouTube) upang maipakita ang galing ng mga estudyante at mapalaganap ang kanilang mga likha.

**Pagsasanay sa Kritikal na Pag-iisip**

Ipaanalisa sa mag-aaral ang ilan sa mga napiling spoken poetry sinuri upang tukuyin ang tema, pananaw, at layunin ng makata.

**Buod**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang mga elemento at paraan ng pagtatanghal sa makabagong paraan ng pagtutula ng kabataang Gen Z ang Spoken Poetry upang makapili ng pisa na maaaring maging lunsaran sa pagtuturo ng

Spoken Poetry, at makapagbigay ng mungkahing disenyo ng aralin sa pagtuturo ng panitikang tula at Spoken Poetry sa asignaturang Filipino.

Ang pokus ng pag-aaral ay suriin ang mga elemento, teoryang pampanitikan, bisa pampanitikan at pagganap ng Spoken Poetry, gayundin ang pagtukoy sa maaaring gamit ng Spoken Poetry bilang istratehiya sa integratibong pagtuturo ng panitikan sa baiting 10. Ang pag-aaral na ito ay nangalap ng video sa facebook ng mga pagtatanghal sa Spoken Poetry ng mga kabataang Gen Z mula sa lungsod ng Surigao at Surigao Del Norte upang makilala ng galing at husay ng mga kabataan sa lungsod at lalawigan.

**Mga Natuklasan:**

Ang Spoken Poetry ng mga kabataang Gen Z ay malaya, walang sinusunod na tugma, at sukat, ang gumamit ng salitang pormal, matalinghaga ang pagpapahayag ngunit malinaw at direkta ang mensahing gustong ipahayag. Madalas ang tema ay pag-ibig, kontemporaryong tumatalakay sa personal na isyu. Ang Teoryang Romantisismo at Simbolismo ang nangingibabaw sa mga pyesa ng spoken poetry ng kabataang Gen Z na nagpapakita ng malikhaing pag-iisip at pagpapalabas ng kanilang damdamin at emosyon. Sa bisang pampanitikan ang bisa sa kaisipan at damdamin ang madalas naaapektohan sa mga akdang sinuri dahil ang mga ito ay **direktang tumatama sa isipan at puso ng mambabasa.**

Sa pagtatanghal ng Spoken Poetry sa aspetong nilalaman o mensahe, karaniwang tumatalakay sa mga isyung panlipunan, pagpapahalaga, pag-ibig, pagmamalaki sa bayan, at karanasan ng kabataan. Ang paglalahad o pagganap, may emosyon, diin, at wastong kumpas. Madalas nakatayo sa isang lugar, minsan ay may galaw ng katawan o kamay upang bigyang-buhay ang tula. Sa pagkabisa at kahandaan, malinaw na inensayo at kinabisa nang maigi; maayos ang daloy ng ideya at kumpiyansa sa pagsasalita. Ang intonasyon at pagkakaiba ng tono sa boses ang kakaiba sa pagtatanghal ng Spoken poetry, ang intonasyong taas baba ng boses, pagbilis at paghina kasabay ng musika ang naging pangunahing kaibahan ng pagtatanghal ng Spoken Poetry.

Maaaring gamitin ang mga sunuring Spoken Poetry bilang hunsaran o halimbawa sa Pag-uugnay sa Isyung Panlipunan, Interaktibong Pagtatanghal, Pagsusuri ng Estruktura ng Tula, Pagsasanay sa Kritikal na Pag-iisip at Paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral ay ilan sa mga istratehiya sa integratibong pagtuturo ng panitikan sa baitang 10.

Sa paggawa ng disenyo ng aralin sa pagtuturo ng panitikang Spoken Poetry para ikalawang markahan kinakailangang bigyan ng pansin ang paraan ng pagganap sa boses at intonasyon ng pagbigkas ng mga salita sa pagtatanghal ng Spoken Poetry.

**Kongklusyon**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, natuklasan ng mananaliksik na sa pagsusulat ng isang Spoken Poetry nabibigyang halaga nito ang malayang pagpapalabas ng kanilang damdamin na hindi sumusunod sa wastong sukat at tugma. Ang hindi pagsunod sa wastong sukat at tugma ay hindi hadlang upang mapahayag ang tunay na nararamdaman ng isang manunulat. Binibigyan ng pagkakataon ang isang manunulat na matamo ang kalayaan sa pagsusulat. Ang temang nangingibabaw ay patungkol sa pag-ibig at madalas teoryang Romantisismo at Simbolismo ang nangingibabaw sa mga pyesa ng spoken poetry ng Kabataang Gen Z ito'y nagpapakita ng malikhaing pag-iisip ng may-akda, pagpapalabas ng kanilang damdamin at emosyon. Ang bisa ng damdamin at kaisipan ang madalas na naaapektohan sa mga akdang ng Spoken Poetry.

Ang emosyon sa pagtatanghal ay nakadepende sa tema ng tulang ginawa, hindi malawak ang galaw ng katawan at kamay. Ang pag-aktay at pagbaba, pagbilis at pagbagal ng boses ng makata ang katangian ng Spoken Poetry na iba sa tradisyunal na tula.

3. Sa integratibong pagtuturo ng panitikan maaaring gamitin bilang hunsaran at halimbawa ang mga piling Spoken Poetry ng kabataang Gen Z sa pagtuturo ng makabagong paraan ng tula upang magiging makabuluhan ang pagkatuto kinakailangan malinang ang paggamit ng mga materyales na nakakatulong sa pagpapayabong ng mga aralin at makuha ang interes ng mga mag-aaral para nagiging masigla ang daloy ng pagkatuto sa loob ng klase.

3. Ang pagkakaroon ng malinaw na paraan ng pagganap sa boses at intonasyon ng pagkabigkas ng mga salita sa pagtatanghal at elemento ng pagsulat ng Spoken Poetry sa disenyo ng aralin sa pagtuturo ng panitikang Spoken Poetry para ikalawang markahan.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga nabanggit na konklusyon, inihain ng mananaliksik ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Iminumungkahi ng mananaliksik ang paglathala ng kinalabasan ng pag-aaral at nang mabasa ng mga mag-aaral at guro ang mga piling Spoken Word Poetry na maaaring gamitin at pagbatayan ng mga guro sa pagtamo ng karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng tula sa asignaturang Filipino.
2. Ang mga guro sa Filipino ay hinihikayat na kilalanin ang makabagong paraan ng pagpapahayag ng tula sa pamamagitan ng Spoken Word Poetry. Dapat ng sumabay ang mga guro sa pagbabagong nagaganap sa lipunan nang hindi mapag-iwanan ng panahon. Mapatitibay nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo at pag-aanalisa sa tula. Sa madaling sabi, mapapataas nito ang kalidad ng motibasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino.
3. Inirerekomenda na gamitin ang mga Spoken Word Poetry sa pagtataya sa mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat at pagpapahayag ng kanilang mga kaalaman. Dahil nahahasa ang kanilang pagiging malikhain sa malayang pagpapahayag ng kanilang mga ideya na mula sa puso at damdamin. Dahil napapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang ninanais sa masining na paraan na may malayang taludturan.
4. Malaking maiaambag ang natuklasan ng mananaliksik sa pagpapayaman ng kasanayan sa paghuhulma ng wikang Filipino bunga ng karanasan ng mga mag-aaral. Upang mapalawak ang kagalingan sa paghuhulma ng mga salita sa Filipino ay inirerekomendang gawing batayan ang paggamit ng mga Spoken Word Poetry sa aralin.
5. Inirerekomenda ang paggamit ng disenyong aralin na makatutulong sa pagpapalawak ng pagtuturo ng wika at panitikan.

**TALASANGGUNIAN**


**[1].** Acero, M. G. (2020). Social Media and the Rise of Spoken Word Poetry in the Philippines. Philippine Literature Journal, 15(2), 102-118.

**[2].** Acosta, E. (2017). The Voice of the Youth: Spoken Word Poetry as Political Expression. Philippine Review of Arts and Culture, 23(1), 45-59.

**[3].** Anderson, J. (2018). The Power of Voice: Spoken Word Poetry as Emotional Expression. Poetry and Performance Journal, 45(2), 76-89.

**[4].** Cruz, M. (2019). Self-Reflection in Spoken Poetry: Personal Narratives of Growth and Healing. Journal of Modern Poetry, 33(1), 51-63.

**[5].** Filipino Youth Studies (2021). Self-Expression and Identity Among Gen Z in the Philippines: A Study of Spoken Poetry's Role. Journal of Youth Culture, 7(3), 55-66.

**[6].** Fraser, D. (2006). The creative potential of metaphorical writing in the literacy classroom. English Teaching: Practice and Critique, 5 (2), 93-108. Retrieved from: https://bit.ly/325bM0p

**[7].** Hasanah, U. (2012). An Analysis of Figurative Language in the Madman by Kahlil Gibran. Bachelor of Education (English), Faculty of Teacher Training and Education, Madura University

**[8].** Kesselring, J. (2016). Making Transformative Space: Exploring Youth Spoken Word as a Site of Critical Pedagogy (Doctoral dissertation, Arizona State University). Retrieved from: https://bit.ly/2Gq5b8q

**[9].** Mangahas, M. E. L. (2019). Spoken Poetry: A Revolutionary Form of Expression. Journal of Modern Filipino Literature, 12(3), 67-81.

**[10].** Michalko, K. (2018). The Effect of Spoken Word Poetry on the Development of Voice in Writing. Retrieved from: https://bit.ly/30SnjQ1

**[11].** Natividad, J. S. (2018). Spoken Word Poetry and Youth Culture in the Philippines. Asian Journal of Literary Studies, 6(4), 210-225.

**[12].** Reyes, C. D. (2023). Tinig ng Kabataan: Ang Papel ng Spoken Poetry sa Panlipunang Kamalayan. Manila: Tala Publishing.

**[13].** Santos, J. B., & Ramirez, L. P. (2021). Spoken Word Poetry: A Tool for Social Awareness and Education among Filipino Youth. Philippine Journal of Humanities and Education, 19(2), 102–118.

**[14].** Severo, J. M. (2016). Para sa mga Nagmahal ng Walang Kapalit. Facebook. Retrieved from

**[15].** https://www.facebook.com/juanmiguelsevero.

**[16].** Thompson, L. (2021). Inclusivity and Identity: The Role of Spoken Poetry in Promoting Acceptance and Diversity. Journal of Cultural Expression, 29(4), 98-110.

**[17].** Törnqvist, S. (2019). Speaking through poetry-Using spoken word poetry to lower speaking anxiety among Swedish EFL learners. Retrieved from: https://bit.ly/2qbbcRb

**[18].** Philippine Youth and Media Journal (2022). *Impact of Social Media on Youth Culture and Poetry*. Youth and Media Studies, 9(1), 110-127.